# Aktibidad 1. Pagsunod sa mga batas ng Diyos

- Ano ang ilan sa mga batas sa inyong komunidad?
- Ano ang magiging bunga ng patuloy na pagsunod o hindi pagsunod sa mga batas na iyon?
- Paano natutulad o naiiba ang paghahambing na ito sa mga batas ng Diyos?

Sinunod ni Nephi at ng kanyang mga tagasunod ang mga kautusan ng Panginoon (tingnan sa 2 Nephi 5:10). Basahin ang doctrinal mastery passage na Mosias 2:41 at alamin ang nais ni Haring Benjamin na maunawaan ng kanyang mga tao tungkol sa pagsunod sa mga kautusan ng Diyos. Maaari mong i-cross-reference ang talatang ito sa 2 Nephi 5:10.

- Sa iyong palagay, paano nakatutulong sa atin ang pagsunod sa mga batas ng Diyos upang maging maligaya tayo?
- Paano nagpakita ng pagsunod si Jesucristo?
- Ano ang ilan sa mga kautusan ng Diyos na nagdulot sa iyo ng higit na kaligayahan?

# Aktibidad 2. Pagtatrabaho at pag-asa sa sariling kakayahan

Sa isang papel o sa iyong study journal, gumawa sandali ng listahan ng mga sasabihin mo na mga pakinabang ng pagtatrabaho at pagsisikap.

Basahin ang 2 Nephi 5:11, 15, 17 at tukuyin ang iba't ibang trabahong ginawa ng mga Nephita at ang mga resulta ng kanilang mga pagpapagal.

Basahin ang "Pagtatrabaho at Pag-asa sa Sariling Kakayahan" sa *buklet na Para sa Lakas ng mga Kabataan* (2011) upang malaman kung ano ang matututuhan mo tungkol sa alituntunin ng pagtatrabaho.

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

© 2023 by Intellectual Reserve, Inc. All rights reserved.

PD60013873_893_085-teacher_handout-1
PD60013873_893_085-teacher_handout-2